TOMO X- ISYU 1 ENERO-MAYO 2021


# ALAB

REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MINDORO

**EDITORYAL**

## Gawin ang gitgitang paglaban sa terorismo ng rehimeng US-Duterte sa 2021

**Ang nagkakaisang diwa't pagkilos ng mga Mindoreñong naninindigan para sa pambansang kalayaan at demokrasya ang magtitiyak na malalampasan nito ang krisis na hatid ng kontra-mamamayang patakarang pang-ekonomiya, terorismo ng estado, krisis pangkalusugan ng pandemyang COVID-19, tiwali, maka-imperyalistang Tsina at US na patakaran ng tiranikong naghaharing rehimeng Duterte.**



Nagsilbing pambungad sa taong 2021 ang deklarasyong sentro ng "kontra-insurhensya" ng SOLCOM ang isla ng Mindoro. Sa loob ng ilang linggo mula nang ideklara ito, aktwal na mga atrosidad at terorismo ang tinamo ng mga Mindoreño sa kamay na bakal ng estado ni Duterte. Sa pangunguna ng kanyang berdugong hepe ng SOLCOM at tagapagsalita ng NTF-ELCAC na si Heneral Antonio Parlade Jr., nakatutulig na pagsabog ng kanyon, dagundong ng *helicopter* at putok ng mga riple ang pinakawalan ng 203rd Brigade, laban sa rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa isla ng Mindoro. Sinabayan ito ng mga "proyektong pangkaunlaran" na nagsilbing palamuti lamang sa karagatan ng kahirapan, kagutuman at kaapihan ng mamamayan.

Mula Enero hanggang Abril walang tigil na mga FMO-RCSP ang inilunsad ng pasistang 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA sa kapatagan man o kabundukan ng dalawang probinsya ng Mindoro.

Ipinagmamalaki ang bagong biling kagamitang militar tulad ng *drones, howitzer,* mga sandata at *Sikorsky S70i blackhawk helicopter* para sa transportasyon ng mersenaryong tropa at suplay. Nanatili naman ang RCSP-barangay *immersion* sa mga pamayanan na itinakdang pambansang prayoridad ng NTF-ELCAC kasabay na ipinatutupad ang iba't ibang antas ng *lockdown*. Higit na pinarami ang kampo ng 4th IBPA sa mga pamayanan ng mga katutubo at magsasaka.

Inaresto't ikinulong noong Pebrero 23 si Genelyn "Ate Neneng" Avelino na kilalang lider ng samahang magsasaka ng Mindoro bago naganap ang mala-Tokhang na *"Bloody Sunday"* sa CALABARZON na nagmasaker sa siyam na aktibista at ilegal na pag-aresto sa anim pa. Noong Mayo 12, marahas na nilusob at dinukot ng 10 sundalo ng 203rd Brigade ang apat na taong gulang na batang si "MJ" sa bahay ng pamilyang Fernandez na nagsilbing *legal guardians* nito sa Brgy. Pitogo, Rizal.

Buong giting na hinarap ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro ang mga pag-atakeng ito ng rehimen.

Noong Mayo 28, matagumpay na naisagawa ng isang yunit ng LDGC-NPA-MIndoro ang ambus na lumipol sa laman ng *back-to-back* na sasakyan ng magkasanib na berdugong pwersa ng PNP-MIMAROPA at 203rd Brigade. Napinsala ang hindi bababa sa 13 sundalo't pulis kung saan tatlo ang kumpirmadong patay. Anim naman sa 10 sugatan ang malubha. Nakapaglunsad din ng tatlong aksyong militar laban sa FMO-RCSP noong Enero 9, Marso 3 at Marso 28. Sa

kabilang banda, nakuha ng mga yunit ng LDGC –NPA Mindoro ang insiyatiba sa labanan sa dalawang insidente ng pag-atake ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA noong Enero 26 at Marso 25. Ikinagulantang ito ng tiranikong rehimen.

Dahil sa kabiguan ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA sa mga labanan, pinagbalingan nito ang mga sibilyan. Ang mga karumal-dumal na krimen laban sa mga Mindoreño tulad ng pagkanyon sa mga pamayanan may labanan man o wala, pagdukot sa bata at mga inosenteng sibilyan at di makatarungang pag-aresto sa kilalang lider magsasaka ay ilan lamang sa pinakahuling teroristang akto ng rehimeng patuloy na nahihiwalay sa mamamayan. Ang sindakin at paglaruan ang taumbayan ay katuwaan na lamang sa mga buhong at pasistang galamay ng rehimen.

Sabayang hinaharap ng Mindoreño ang brutalidad, atrosidad, impyunidad at terorismo ng estado ni Duterte, ang pananalasa ng mas mabagsik na bagong *variant* ng COVID-19 na umabot na sa Mindoro, ang mapaminsalang patakarang pang-ekonomiya ng rehimen tulad ng RLL, at ang pamumuksa ng *African Swine Fever* sa kanilang kabuhayan. Ipinipilit pa rin ng rehimen ang mga proyektong pang-ekoturismo at pagmimina na matagal nang tinututulan ng mga Mindoreño. Ginagamit ngayong tabing dito ang *Tamaraw Reservation Expansion Project*.

Palala naman ang nalilikhang krisis pangkalusugan ng COVID-19 sa isla ng Mindoro. May 417 nang aktibong kaso (sa datos noong Mayo 11) sa Oriental Mindoro habang nasa 645 naman sa Occidental Mindoro. Imbes na atupagin ng pabayang si Duterte ang paglaban sa COVID-19, mas pinopondohan pa nito ang badyet ng NTF-ELCAC na ginagawang gatasan lamang ng matataas na opisyal militar at ilang burukrata kapitalista.

Duwag at bahag naman ang buntot para ipagtanggol ang mga mangingisdang tinataboy ng mga *Chinese Coast Guard* sa *Exclusive Economic Zone* ng bansa. Biktima ng pagtataksil at pagbebenta ng pambansang soberanya sa Tsina ang mga Mindoreño na ang hanapbuhay ay pangingisda sa *West Philippine Sea*. Imbes na itutok ang pwersa ng AFP-PNP sa pagprotekta ng mahahalagang isla at karagatan, itinututok nito ang kanyang buong armadong pwersa laban sa sambayanang Pilipino.

Dapat na kumilos nang buong sigasig ang mga Mindoreño kasabay ang sambayanan para ibagsak ang *civil-military junta* ng rehimeng Duterte. Kasabay nito, dapat na gawin ang buong makakaya upang itigil at ibasura ang EO No.70, JCP-Kapanatagan, buwagin ang inutil at walang silbing NTF-ELCAC, ipawalambisa ang *Anti-terror Law* na nag-eengganyo ng impyunidad para labagin ang karapatang tao ng mamamayan.

Kailangan magkaisa ang mga magsasaka, Mangyan, panggitnang pwersa kasama ang mga kabataan, estudyante at propesyunal para labanan ang kontra-mamamayan na mga patakaran, proyekto at batas ng rehimeng Duterte na bumibiktima sa pangkaraniwang sibilyan.

Kailangan ang sama-samang pagkilos, paramihin ang mga pagtutol sa anyo ng mga demonstrasyon, protesta at petisyon. Isulong ang kagalingan ng mamamayan para sa tunay na reporma sa lupa kabilang ang pagpapataas ng presyo ng produktong bukid ng mga magsasaka, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi ng usura at pagpapataas ng produktibidad ng masa. Napapanahon din ang panawagan para sa libreng serbisyong pangkalusugan para sa *mass testing* at pagbabakuna laban sa COVID-19 at sapat na ayuda para sa lahat ng biktima ng pandemya. Kagyat ang kahilingan na itigil ang pag-atake ng estado laban sa mamamayan at ilipat ang nilalaang pondo dito sa panlipunang serbisyo at ayuda sa mamamayan.

Buklurin natin ang pinakamalapad na pagkakaisa laban sa pasismo ng estado at kumilos upang isulong ang karapatang tao ng mamamayan. Higit sa lahat, singilin si Duterte at pagbayarin nang mahal ang kanyang bayarang armadong pwersa, gawin ang buong makakaya upang ibagsak ang tiranikong rehimeng Duterte at biguin ang tangka nitong gamitin ang reaksyunaryong eleksyon upang makapagpalawig pa ng kapangyarihan. Kaakibat nito, kailangang walang tigil na suportahan at palakasin ang Bagong Hukbong Bayan at pag-

## NILALAMAN


Editoryal: Gawin ang gitgitang paglaban sa terorismo ng rehimeng US-Duterte sa 2021 1
Palpak na pagtugon sa pandemyang COVID-19 ng rehimeng US-Duterte, sintomas ng bangkaroteng rehimen 3
Kababaihang lider magsasaka, ilegal na inaresto! 6
Pagbisita ng berdugong punong heneral ng PNP sa Calapan City, naghahatid ng kamatayan at karahasan sa Mindoreño 7
Kwentong Bata (na dapat malaman ng matatanda at higit sa lahat, ng rehimeng US-Duterte) ni Ma. Patricia Andal 8
Matatagumpay na aksyong militar, tugon ng LDGC-NPA-Mindoro sa sigaw ng mamamayang biktima ng paglabag sa karapatang-pantao ng 203rd Brigade sa isla! 10
Matagumpay na ambus ng LDGC laban sa 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA sa Magsaysay Occ Min, paggawad ng katarungan sa lahat ng Mindoreñong biktima ng di-makatarungang gyera ng rehimeng US-Duterte 11
Mamamayan pangunahing target at biktima sa deklarasyon ng SOLCOM na ang Mindoro ang sentro ng kampanya sa "kontra-insurhensya" sa 2021 12
Paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihan, nagpatibay ng paninindigan laban sa macho-pasistang rehimeng Duterte 14
Masang Mindoreño at LDGC, ipinagbunyi ang 52 taon ng BHB! 15

LATHALAIN

# Palpak na pagtugon sa pandemyang COVID-19 ng Rehimeng US-Duterte, sintomas ng bangkaroteng rehimen

**Sintomas ng bangkaroteng rehimeng US-Duterte ang mga kahirapan na hatid sa mamamayan ng palpak nitong pagharap ng rehimen sa pandemyang COVID-19. Mahigit isang taon na mula nang unang manalasa ang COVID-19 sa buong daigdig at sa bansa pero hanggang ngayon, nangangapa pa rin sa dilim ang rehimeng Duterte kung paano epektibong malulutas ang krisis na dulot ng pandemya.**

Sa pandaigdigang antas, mahigit dalawang milyong mamamayan na ang namatay sa pandemya. Bumagsak ang ekonomya ng buong mundo. Hindi ligtas ang Pilipinas sa krisis pangkalusugan na ito. Hanggang Mayo 31, umabot na sa 1,230,301 Pilipino ang naitalang kaso kungsaan 1,155M ang nakarekober, 54,290 aktibong kaso at 20,966 ang namatay. Patuloy na lumalaki ang bilang ng nahahawa lalo na sa buwan ng Marso kung saan 105,847ang nahawa sa loob ng dalawang linggo (Marso 14-29). Pinakamalaki ang nahawa sa isang araw noong Marso 29 na umabot sa 10,016.

Sa harap ng nakakaalarmang datos, wala pa ring matinong plano at hakbangin ang rehimeng Duterte sa pagharap sa pandemya at kahit sa pagpapabakuna ng mamamayang Pilipino. Sa halip, ginamit lamang na tabing ang pandemya sa kanyang imbing pakanang iluklok ang sarili bilang punong diktador at ratsadang magpataw ng mga batas at patakarang kontra sa kagalingan at karapatan ng mamamayan. Nagtutulak ito upang lalong lumalim ang krisis ng malapyudal at malakolonyal na lipunang Pilipino.

Nagsasalamangka ang rehimen na kayang-kaya nito ang pandemya. Nakipagsabayan ito ng pagluwag sa mga negosyo sa mga bansang malawakan nang nakapagbakuna ng kanyang mamamayan upang pagbigyan ang kahilingan ng mga mamumuhunan. Naging mitsa ito ng matarik na pagsirit ng tantos ng pagkahawa kaya muling pumaling sa militaristang hakbangin ang rehimen. Sa harap ng balisang sambayanan, hindi na umubra ang boladas ni Duterte at ng kanyang *Inter-Agency Task Force on the Emergence of Infectious Diseases* (IATF-EID) kaya napilitang aktwal na magsagawa ng pagbabakuna lalo na nang dumaluyong ang ikalawang bugso ng bayrus na may bagong *variant* na mas mabilis at matinding manalasa.

## Walang matinong programa sa pagharap sa pandemya

Nasa Pilipinas na ang mga bagong *variant* ng bayrus na P.1 na unang nadiskubre sa *Brazil*, B.1.1.7 na unang nakita sa *United Kingdom* at ang B.1.351 na unang natuklasan sa *South Africa*. Pinakahuli ang *variant* P.3 na natuklasan ng gobyernong *Japan* sa isang manlalakbay na galing sa Pilipinas. Pangalawa na ngayon ang Pilipinas sa may pinakamalalang *outbreak* sa Timog - Silangang Asya at inaasahang magiging isa sa huling makakarekober sa pandemya.

Patunay sa kainutilan, kriminal na kapabayaan at kawalang malasakit ng rehimeng US-Duterte sa mamamayang Pilipino ang kawalan ng matinong programa nito sa pagharap sa COVID-19 at sa pagbabakuna ng populasyon. Nagyabang pa ito na magbibigay ng milyong pabuya sa sinumang makatutuklas ng gamot laban sa bayrus, gayong matagal nang initsa-pwera ng gobyerno ang pananaliksik at lalo na ang pampublikong kalusugan. Naging kahiya-hiya ang bansa sa perpormans sa pampublikong kalusugan na naghintay sa ampiyas na suplay ng bakuna mula sa donasyon ng mayayamang bansang unang nakalikha at nakabili nito.

Habang patuloy na iniasa ang buhay ng mahigit 110 milyong Pilipino sa kamay ng malalaking dayuhang kumpanyang parmasyutikal, lubhang kapos ang bilang ng bakunang aktwal na binili ng rehimeng Duterte upang makamit ang *herd immunity* kung saan nabakunahan ang *minimum* 70% ng populasyon.

Nangangailangan ng dalawang dosis ng bakuna ang bawat indibidwal kaya kakarampot ang aktwal na inangkat ni Duterte at ng kanyang IATF-EID kumpara sa kailangang 148 milyong dosis para sa 77 milyong Pilipino na target mabakunahan hanggang katapusan ng 2021. Para sa unang kwarto ng taon, nakapag-*import* lamang ito ng kabuuang 2,525,600 dosis at nakatanggap ng donasyon na 400,000 dosis mula sa Sinovac ng Tsina. Nakapagbakuna pa lamang ito ng 1.18 M ngayong Mayo. Pilipinas ang pinakahuling bansang naglunsad ng *mass vaccine program* na nasimulan lamang noong Marso 1 mula pa sa donasyon ng *Covax facility* ng *World Health Organization* (WHO) at sa pamamalimos ni Duterte sa Tsina.

*mula sa editoryal p.2*

ibayuhin ang pagsusulong ng armadong pakikibaka upang iambag ang buong makakaya sa pagsuporta sa pakikibaka ng sambayanan laluna ang pakikibaka sa pagpapabagsak sa tiranikong rehimen, kamtin ang rebolusyonaryong hustisya para sa mamamayang biktima ng estado at pagsusulong sa pambansa-demokratikong interes ng sambayanan at mga Mindoreño. Kagyat ang tungkuling ito upang ilatag ang mga batayan sa ganap na paglutas sa pundamental na problema ng sambayanang Pilipino.

Naging tuntungan ito ng Tsina para todong ilarga ang opensibang konstruksyon at mga aktibidad ng Tsina sa *West Philippine Sea* habang pinagtatakpan ni Duterte ang pagyurak nito sa ating pambansang soberenya.

Kahit ang Senador na si Panfilo Lacson ay nagsabi na malabong maabot ang target na bilang at kung hindi mababago ang bilis ng pagbakuna, aabutin hanggang 2033 ang pagbabakuna sa 70% ng populasyon. Dahilan nito ang kawalan ng tunay na pampulitikang kapasyahang at matinong plano upang lutasin ang krisis ng pandemya.

## Sinalaulang prayoridad sa pagbabakuna

Binabanggit ng gobyerno na ipatutupad nito ang pambansang programa sa imyunisasyon batay sa mga prayoridad na mga sektor na tinukoy ng mga eksperto sa kalusugan. Nangunguna sa listahan ang mga *frontline health workers* sa *health facilities* at mga empleyado sa sektor pangkalusugan. Pumapangalawa ang mga *senior citizen* mula 60 taong gulang pataas. Pangatlo, ang mga taong may *comorbidities* o may karamdamang higit na bulnerable sa COVID-19. Ikaapat ang mga *frontline personel* sa mga esensyal na sektor tulad ng mga unipormadong *personel* (pulis at sundalo). Ikalima ang mga maralitang (*indigent*) populasyon. Ikaanim ang mga titser at *social worker*. Ngunit sa pag-arangkada pa lang ng unang kwarto ng taon, una nang nabakunahan ng *smuggled* na bakuna mula sa Tsina ang *Presidential Security Guard* (PSG) ni Duterte gayung pang-apat pa ito sa prayoridad. Nauna na ring mabakunahan ang mga Tsinong opereytor ng *Philippine Offshore Gaming Operations* (POGO) at ilang kasapi ng gabinete kahit wala pang upisyal na bakunang dumarating sa bansa. May ulat ding nabakunahan na noong nakaraang taon si Senador Panfilo Lacson at *House Majority Leader* Martin Romualdez.

Hindi pa tiyak na mababakunahan ang mga maralitang Pilipino na malaking bahagi ng populasyon dahil sa kakulangan ng pondo ng gobyerno at sa tiwaling prayoridad ng rehimen. Sa P4.506 trilyong badyet para sa 2021, P1.1 trilyon ang mapupunta sa banderang programang *Build, Build, Build* (BBB) at P82.5 bilyon lamang para sa kampanyang pagbabakuna laban sa COVID-19.

## Maniobra sa pondo para sa Bakuna

Sa kabuuang P82.5 bilyon badyet para sa pagharap sa pandemya at pagbangon sa COVID-19, P72.5 bilyon lamang ang laan para sa pagbili ng bakuna at lohistika nito, ngunit P2.5 bilyon lamang ang *available cash* para sa pagbili nito na magmumula sa badyet ng DOH sa ilalim ng 2021 *General Appropriations Act* (GAA). Ang natitirang P70 bilyon ay kukunin sa FY 2021 *Unprogrammed Appropriations for Covid 19 vaccine procurement and logistic*. Dagdag pang kondisyon na magagamit lamang ito kung iiral ang sumusunod:

1. Sobrang koleksyon sa buwis;
2. May bagong pagkukunan ng buwis; at,
3. Utang mula sa proyektong pinopondohan ng mga dayuhan. Ang 10 bilyon naman ay magmumula sa pondong laan sa programa sa pagbakuna sa ilalim ng RA No.11494 o *Bayanihan To Heal as One Act.*

Nasa ibaba ang mga dumating at aangkatin pang bakuna para sa 2021.

Malaking katanungan kung paano ginamit ang mahigit 568 bilyong piso (datos noong Marso 11) na hiniram, inutang at ipinamahagi sa ngalan ng COVID-19. Bawat ahensya ng gobyerno ay may sarili pang bersyon at alokasyon ng pagharap sa pandemya.

Ipagpalagay na ang pinakamataas na halaga ng dalawang dosis ng bakuna ay P2,000 para sa kabuuang 110 milyong Pilipino, ang sumada nito ay 220 bilyong piso. Kaya na nitong bakunahan nang libre ang lahat ng mamamayan. Ngunit dahil 70% ng populasyon lang ang inisyal na target, 154 bilyong piso lamang ang gagastusin dito. Hindi pa pinahihintulutang bakunahan ang mga *teenager* at bata na bumubuo ng 40% ng populasyon dahil wala pang *clinical trial* na nagawa sa mga ito. Pero nasaan na ngayon ang pera?

Maging ang mga bakunang aangkatin ay kailangan pang dumaan sa butas ng karayom ng *Food and Drug Administration* (FDA) ng bansa gayung aprobado na ito ng FDA ng mga bansa sa Europa, Asia at Amerika. May ulat na rin ng panunuhol para maaprubahan ng FDA ang mga bakuna tulad ng Sinovac ng Tsina. Sa inilaan na 838 bilyong piso ng *Department of Budget and Management* sa paglaban sa pandemya ng lahat ng ahensya ng gobyerno sa ilalim ng GAA 2021, asahang patuloy na mamaniobrahin ito ni Duterte at ng kanyang mga kasapakat upang makopo ito para sa

| Mga dumating at aangkating pang bakuna para sa 2021 | Dosis |
|---|---|
| Enero -Marso | Sinovac 2,000,000<br>Astra Zeneca 979,238 |
| Abril-Hunyo | Sinovac 8,500,000<br>Gamaleya 10,000,000<br>COVAX vaccine 2,000,000<br>Aztra Zeneca 4,600,000<br>Moderna 194,000<br>Novavax 1,000,000 |
| Hulyo-Septyembre | Sinovac 3,000,000<br>Gamaleya 4,000,000<br>Moderna 1,000,000<br>Novavax 2,000,000<br>40,000,000 wala pang breakdown |
| Oktubre-Disyembre | 60,000,000 wala pang breakdown |
| Total | 139,798,920 |

kanilang pampulitikang interes lalo na't nagmamaniobrahan na para sa darating na eleksyong presidensyal at lokal sa 2022.

Pinayagan na rin ng rehimen na bumili ng sariling suplay ng bakuna ang mga LGU, korporasyon at mga pribadong opisina basta't kukuha ito ng pahintulot ng FDA. Sa esensya, ipinapasa na nito sa nasabing mga LGU at pribadong sektor ang tungkulin sa pagbakuna ng masang Pilipino.

Ang pandemya ay mistulang matabang gatasang baka para sa korapsyon. Isang patuloy na kalbaryong pinapasan ng mamamayang Pilipino ang korap na gobyernong Duterte.

### Kampanyang pagbakuna sa Mindoro

Napakahalaga ang bakuna upang makamit ang proteksyon ng mamamayan sa COVID-19, tulad ng inabot ng imyunidad ng tao sa bayrus ng sipon. Ganun pa man, kahit may bakuna na kailangang ipatupad pa rin ang *health protocols* tulad ng pagsusuot ng *face mask, face shield*, personal na kalinisan at sanitasyon ng mga pamayanan upang maging ligtas mula sa Covid-19.

Ayon mismo sa *World Health Organization* (WHO), ang pinaka-epektibong hakbangin ay ang pagtitiyak ng *mass testing* at *contact tracing* upang kagyat na maibukod ang nagtataglay ng sintomas at mabigyan ng angkop na atensyong medikal. Ngunit hanggang sa kasalukuyan, konsentrado ang *testing centers* sa Maynila.

Sa isla ng Mindoro , tatlo lamang ang aprobadong *testing center* (*Oriental Mindoro Provincial Hospital, Best Care Medical Clinic & Diagnostic Center* at *Occidental Mindoro Provincial Hospital*). Ang bawat *testing facility* ay may kakayanang magtest ng 25 tao bawat oras o 600 tao bawat araw sa tatlong *testing center*. Kung seserbisyuhan ng mga *testing center* na ito ang 70% ng populasyon ng isla (katumbas ng 945,871 sa 1,351,253 populasyon ng Mindoro - 487,4141 sa Occidental Mindoro at 863,839 sa Oriental Mindoro) aabutin ng apat at kalahating taon bago matapos ang *mass testing*.

May bagal din ang *procurement* ng bakuna sa Mindoro at nakaasa lamang ang LGU Mindoro sa pambansang gubyerno. Noong Marso 5 lamang dumating ang unang bats ng mga bakuna (Sinovac) na hinati pa sa dalawang probinsya. Natanggap naman ng Occidental Mindoro ang ika-2 bats ng mga bakuna na may 220 *vials* ng Astra Zenica para sa 1,100 indibidwal. Dinala naman ito sa isla ng Lubang at Looc. Natanggap din ng Oriental Mindoro ang 340 *vials* ng Astra Zeneca para mabakunahan ang 1,600 na mga *medical frontliners*.

Maraming mga LGU ang nahihirapan paano matugunan ang pagbabakuna at *mass testing* dahil sa kawalan nito ng pondo. Samantala, patuloy na tumataas ang mga kaso ng COVID-19 sa Mindoro.

| *COVID update sa Mindoro noong Mayo 11 mula sa DOH* | |
|---|---|
| *Oriental Mindoro* | |
| aktibong kaso | 417 |
| Baco | 11 |
| Bansud | 30 |
| Bongabong | 16 |
| Bulalacao | 18 |
| Calapan | 129 |
| Gloria | 26 |
| Mansalay | 6 |
| Naujan | 48 |
| Pinamalayan | 12 |
| Pola | 19 |
| Puerto Galera | 28 |
| Roxas | 22 |
| San Teodoro | 33 |
| Socorro | 1 |
| Victoria | 18 |
| *Occidental Mindoro* | 645 |

### Mga kontra-indikasyon ng bakuna

Mahalagang hakbang bago magpabakuna ang malaman kung ano ang mga kontra-indikasyon nito. Kailangang malinaw ang kabuuhang kalagayang pangkalusugan, laluna kung anu-ano ang nakakapagdulot ng *allergic reactions* sa mga sangkap ng bakuna na makaapekto sa kasalukuyan at dating mga sakit.

Aminado ang mga kumpanyang parmasyutikal na kulang pa ang kakayahan, kaalaman pati ang *clinical trials* ng kanilang bakuna lalo na sa may mga *allergy* at negatibong epekto sa tao. Dagdag na salik din ang paglitaw ng mga bagong *strain* ng bayrus.

Karaniwang epekto sa mga taong nagpabakuna ang makaramdam ng pagod, pananakit ng kalamnan, pananakit ng bahaging pinag-turukan, lagnat at *allergic reactions*. Ayon sa mga eksperto, patunay itong gumagana ang *immune system* ng isang tao. Dapat lamang mabantayan ang malulubhang tipo ng *allergic reaction* tulad ng sumusunod: kahirapan sa paghinga, pamamaga ng mukha at lalamunan, mabilis na pulso, malalang butlig-butlig sa buong katawan, pagkahilo at panghihina. Mismong Pfizer ang umaming hindi nila naisama ang mga indibidwal na mayroong kasaysayan ng matinding *allergic reactions* sa kanilang mga *trial*. Anuman ang bakunang gamitin, kailangang tiyakin ng mamamayan na tugma sa kanilang pangkalusugang kalagayan ang bakunang ituturok sa kanila.

Isang salik na nagpabagal sa pag-angkat ng bakuna ng Pilipinas ay ang pag-oobliga ng kumpanyang parmasyutikal na magdeposito ng pondo ang bansa bilang pang-agap sa anumang negatibong epekto ng ituturok nilang bakuna. Sa kasakiman ng mga buhong na kumpanyang ito, malaking kita ng negosyo nila ang bakuna pero ipinakakarga sa kanilang kliyente ang negatibong epekto ng nilikha nilang gamot. Dahil walang gulugod ang ating bansa sa siyensyang pangkalusugan, naobligang maglaan ng pondo at sumunod sa mga kondisyong inilalapat ng nasabing mga kumpanya ang Pilipinas.

Nagpabagal din ang kawalan ng pasilidad at lohistikang kailangan sa pagbabakuna tulad ng *cold storage*, mga heringilya, at iba pang gamit medikal sa malalayo at atrasadong lugar sa kanayunan.

### Kampanyang Masa para matugunan ang problema sa pandemya at krisis na pinalala nito

Kailangan ng komprehensibong pagtanaw sa pagharap sa COVID-19 at/o pambansang kalamidad. Kabilang na ang pang-ekonomiya, pangkalusugan, pang–edukasyon, siyensya at teknolohiya kabilang ang pananaliksik, at pang-emerhensyang kahandaan sa mga sakuna at pandemya. Kailangan din ng diplomatikong relasyon sa sitwasyon ng pandemya. Higit sa lahat, kailangang may mataas na pampulitikang kapasyahan ang gobyerno at ang mamamayan na ituring bilang isang pambansang panganib ang pandemya at kung ganun, mabilis at komprehensibo ang dapat na hakbang dito.

Ang kawalan ng matinong programang pangkalusugan ay isa lamang na sintomas ng atrasado, malakolonyal at malapyudal na kaayusan ng ating lipunan na dinesenyo ayon sa neoliberal na sistemang ipinapataw sa mundo ng mga imperyalistang amo ng rehimeng Duterte na US at Tsina. Hanggang patuloy na umiiral ang bulok na sistema at nananatili sa poder ang rehimeng Duterte, hindi mabibigyan ng angkop na solusyon ang pandemya.

Walang maaasahan ang mamamayang Pilipino sa rehimeng US-Duterte, bagkus lalo lang nitong palalalain ang paghihirap ng mamamayan. Habang lumalaganap ang pandemya sa kasuluk-sulukan ng bansa, kailangang mabilis nating pagkaisahin ang mamamayang Mindoreño at ang buong sambayanang Pilipino upang maipatupad ang pambansang demokratikong programa. Kung kaya, dapat isulong ang rebolusyonaryong kilusang masa kapwa sa kanayunan at kalunsuran upang ibagsak ang rehimeng Duterte.

Kailangang buuin ang pinakamalawak na nagkakaisang prente ng Mindoreño para igiit ang karapatan sa serbisyong panlipunan at labanan ang militaristang *lockdown*. Kailangan sama-samang kumilos ang lahat upang singilin si Duterte sa kanyang kainutilan at kapabayaan. Patuloy na ipanawagan ang pagbuwag sa inutil na IATF-IED at magbuo ng bagong *taskforce* na pamumunuan ng mga dalubhasa sa syensa , medisina at nakakahawang mga sakit.

Sa pagbagsak ng rehimeng ito, itatayo ang gobyernong koalisyon mula sa kinatawan ng demokratikong uri at sektor ng bansa.

Sa mga lugar na naitayo na ang Organo ng Kapangyarihang Pampulitika ng masa, ipinatutupad ang syentipiko at makamasang sistemang pangkalusugan upang labanan ang COVID-19. Sa tulong ng Hukbo aktibong binubuo at pinapagana ang subkomite sa kalusugan ng mga rebolusyonaryong samahang masa. Itinatayo ang Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) saan man may mga *health personnel* na mauugnayan. Isinasagawa sa mga larangan gerilya ng Mindoro ang malawakang edukasyon at sanitasyon sa mamamayan. Katuwang ang mga samahan sa pangkalusugan naglulunsad ng mga klinikang bayan kung saan libre ang *check-up* at gamot. Gawin nating kilusang masa ang pagsugpo sa pagkalat ng bayrus sa mga pamayanan. Ang pagtitiyak na ligtas sa COVID-19 ang baseng masa ay magtitiyak ng malusog na balon ng Hukbo sa pagsusulong ng Digmang Bayan.

Ang pagpapatupad ng rebolusyonaryong programang pambansa-demokratiko na may sosyalistang perspektiba ang maaliwalas na opsyon para sa sambayanang Pilipino.

**BANTAY KARAPATAN**

## Kababaihang lider magsasaka, ilegal na inaresto!



**Inaresto ng magkasamang sundalo't pulis si Genalyn "Ate Neneng" Avelino, lider ng kababaihan at magsasaka sa Occidental Mindoro sa kanyang bahay sa Brgy. Adela, Rizal, Occidental Mindoro noong Pebrero 23 ng hapon.**

Ang pampulitikang pag-arestong ala-Tokhang ay ginawa sa bisa ng *warrant of arrest* (WOA) ng *Regional Trial Court Branch* 43 sa Roxas, Oriental Mindoro sa kasong rebelyon. Ipiniit siya sa *Roxas Municipal Police Station* (MPS).

Nakaranas din ng panggigipit ang kanyang pamilya sa kamay ng mga sundalo't pulis sa proseso ng kanilang paghahanap kay Ate Neneng nang itinago siya matapos na arestuhin. Ilang araw pa bago nila nalamang dinala pala siya sa kulungan sa Roxas MPS.

Si Ate Neneng ay kilalang lider-magsasaka sa isla ng Mindoro at maging sa rehiyon. Bahagi siya ng makasaysayang okupasyon ng 45-ektaryang Lupang Saulog sa Rizal na 20 taong ipinaglaban ng mga magsasaka. Opisyal siya ng Samahan ng mga Magsasaka sa Kanlurang Mindoro (SAMAKAMI) at naging ingat-yaman ng Katipunan ng Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK), mga progresibo at militanteng samahan ng magsasaka. Nakilala din siya sa pambansang kilusan ng magsasaka dahil sa kanyang matapang at militanteng pagdadala ng mga isyu ng magsasaka at Mindoreño sa labas ng isla.

Si Ate Neneng ay aktibong kumikilos upang ipaglaban at kamtin ang panlipunang hustisya ng kapwa niya magsasaka sa pagkakaroon ng lupang mabubungkal. Aktibong lumahok din siya sa mga pagkilos laban sa mapanira at mapangwasak sa kabuhayan at kalikasan na dayuhang pagmimina sa isla. Isa siya sa namuno sa higit 2,000

BALITA

# Pagbisita ng berdugong punong heneral ng PNP sa Calapan City, naghahatid ng kamatayan at karahasan sa Mindoreño



**Kamatayan, karahasan at sakit ang dala sa Mindoro nang bumisita ang hepe ng PNP na si Heneral Debold Sinas noong Marso 11. Dumiretso ang punong berdugong heneral sa PNP Regional Office (PRO) - MIMAROPA sa Calapan City,**

Ginawa ang pagbisita matapos ang tinaguriang *Bloody Sunday* sa CALABARZON noong Marso 7 na nagmasaker ng 9 at ilegal na umaresto sa 6 pang aktibista. Kilala ang ganitong uri ng operasyon bilang *Synchronized Enhanced Management of Police Operation* (SEMPO) PNP, ang operasyon ala Tokhang ng rehimeng Duterte na unang ginamit sa kampanya kontra droga at ngayon ay ginagamit sa progresibong hanay. Nalantad ito bilang pampulitikang Tokhang ng PNP na nakapailalim sa direksyon ng NTF-ELCAC. Ginagamit ito ngayon sa pagtugis sa mga aktibista at kasapian ng progresibong samahan, alyansa, *partylist* at karaniwang mamamayan na kritikal sa tiranikong rehimeng Duterte.

Ang pagbisita ng pambansang punong opisyal ng PNP sa Mindoro ay higit na nagpapatibay sa naunang deklarasyon ng punong heneral ng SOLCOM na si Hen. Antonio Parlade Jr. na ang Mindoro ang sentro ng programang kontra-insurhensya sa taong 2021. Ito ang hudyat na isusunod ang isla ng Mindoro sa pag-arangkada ng makahayop at mapanindak na pampulitikang Tokhang sa kamay ng mga sundalo't pulis.

Tulad ng iba pang operasyong Tokhang, gabi at madaling araw sumasalakay ang mga pulis at militar sa mga opisina at bahay ng kanilang target. Tulad sa *Bloody Sunday*, sabay-sabay at singkronisado ang operasyong ito ng AFP- PNP sa saklaw ng isang probinsya o inter-probinsya. Walang kinikilalang *protocol* sa oras ang pampulitikang Tokhang sa paghain ng palsipikadong mga *warrant of arrest* at *search warrant*. Walang kahihiyan din nilang tinataniman ng ebidensya ang mga biktima tulad ng mga armas at eksplosibo kasabay ng pagpalutang ng kasinungalingan na nanlaban ang target sa panahong inihahain ang kautusan ng korte. Tulad sa *Bloody Sunday*, malinaw na ang tunay na layunin ng mga ito ay patayin ang kanilang target at hindi arestuhin.

Bukod pa rito, pananagutan ni Sinas ang muling pagkalat ng nakamamatay na Covid-19 sa isla ng Mindoro dahil sa walang pakundangang paglabag nito sa *health protocol standard* sa panahon ng pandemya. Matapos ang pagbisita, saka nalaman na positibo sa COVID-19 ang punong mamamatay tao sa PNP.

Matagal nang binabatikos ng mamamayan at maging ng internasyunal na komunidad ang madugong gyera kontra-droga na nakilala bilang Tokhang. Pinipiling biktimahin nito ang mahihirap na mamamayan habang ligtas ang malalaking tao sa sindikato ng droga. Higit ang dahilan ngayon upang pursigidong tutulan, labanan at biguin ang Tokhang ngayong itinutok na ito sa pampulitikang layunin laban sa mga kritiko ng rehimen at upang ipataw ang kamay na bakal ng isang korap, pasista at sukdulang papet na rehimeng Duterte.

Mula Enero hanggang Mayo ng taong ito, walang tigil ang mga FMO-RCSPO ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA sa mga komunidad ng mga magsasaka at Mangyan. Kinasahan ng pampulitikang Tokhang ang lider magsasakang si Genelyn "Ka Neneng" Avelino ng Rizal, Occidental Mindoro noong Pebrero 23. Kinubkob din ng mga pulis at sundalo sa madaling araw ang mga tahanan ng ilang lider sa Brgy. Monte Claro, na pinalad pang makakubli kaya nabigo ang ilegal na pag-aresto. Matapos ang pagdalaw na ito, sunud-sunod din ang pagdukot sa mga Mangyan, paulit-ulit na pagpapatawag sa mga kampo at sapilitang pagpapasuko, pambobomba sa mga komunidad at sapilitang pagpapalikas sa kanilang mga tahanan.

Ang kaganapang ito ay nagmumulat sa atin sa tindi at lupit ng karahasang inihahasik ng naghihingalong rehimeng US-Duterte gamit ang kanyang mga bayarang armadong pwersa. Ginagamit ang ganitong di-makatarungang istilo ng operasyon upang patahimikin ang lahat ng nakikibakang mamamayan para sa kanilang karapatan at kagalingan.

*Impunity* o kawalan ng pananagutan sa krimen ng mga sundalo't pulis ang nalikhang klima ng paulit-ulit na pagtutulak ng rehimen na patayin, ubusin at tapusin ang mga komunista sa pamamagitan ng *Executive Order No. 70* na nagbuo ng NTF-ELCAC at pagsasabatas ng *Anti-Terrorism Law*.

Ang klima ng impyunidad, karahasan at pasismo ay dapat tutulan at wakasan. Kinakailangang magkaisa ang Mindoreño upang biguin ang maitim na balak ni Duterte at Sinas gamit ang PNP-MIMAROPA at 203rd Brigade.

Hindi kailanman mapatatahimik, matatakot at magigimbal ang mga Mindoreño sa karahasan at paggamit ng kamay-na-bakal ng mamamatay-taong rehimen. Kabaliktaran, lalo lamang nitong itutulak ang mamamayan na lumaban sa lahat ng paraan upang kamtin ang katarungan sa kanilang sinasapit na kaapihan, pagsasamantala at pambubusabos.

Kaugnay nito, kailangang ihanda ang mga Mindoreño na labanan at biguin nang buong tapang ang maitim na balak nina Duterte at Sinas na gawin ang kahalintulad na masaker sa isla.

# Kwentong Bata (na dapat malaman ng matatanda at higit sa lahat ng rehimeng US-Duterte)

NDFP-MINDORO BULLETIN



MULA KAY KA MA. PATRICIA ANDAL

**Ang bata ay taong may karapatan din.**

Apat na taong gulang pa lamang si MJ subalit dinanas na niyang dukutin mula sa kamay ng kanyang mga tagapangalagang sina Mr. at Mrs. Fernandez. Sa mala-tokhang na estilo, tinutukan sila ng baril ng 203rd Brigade habang naghahapunan ang buong pamilya kaya na-*trauma* sina MJ at ang mga batang anak ng pamilya Fernandez, na pawang mga menor de edad. Naganap ang insidente ng paglusob ng 203rd Brigade noong Mayo 12, alas-7 ng gabi sa Rizal, Occidental Mindoro.

Hinabol pa ng mag-asawang Fernandez si MJ nang tangayin ng 203rd Brigade at muntik pa silang sagasaan ng mga ito. Hindi rin ligtas ang buong komunidad sa pandarahas ng mga operatiba. Pinatay ang ilaw sa pamayanan habang nag-iikot sa baryo ang mga sundalo. Nagkunwari pang NPA ang mga pasista para mahanap at mapasok ang tirahan ni MJ.

Hindi kriminal si MJ o ang pamilya Fernandez. Si MJ ay anak ni Emilia Marquez, isang *health worker* na inakusahan ng rehimeng Duterte na kasapi ng NPA at hinuli sa panahong nasa ospital ang mag-ina upang ipagamot ang batang si MJ na isang buwan pa lamang noon. Sa bisa ng gawa-gawang kaso na walang katibayan at mga tinanim na ebidensya, ikinulong si Emilia sa loob ng apat na taon. Pati ama ni MJ ay ginawang *wanted* ng AFP-PNP kaya't naiwan ang bata sa pangangalaga ng mga Fernandez.

Ang tunay na layunin ng AFP-PNP ay gamitin si MJ para ipresyur ang mga magulang nito na sumuko o maging bahagi ng kanilang itim na propaganda laban sa CPP-NPA-NDFP. Napakarumi, walang malasakit ang rehimen sa paggamit ng bata bilang piyesa sa programang "kontra-insurhensya". Isa itong patunay ng madugong pampulitikang tokhang ng rehimeng US-China-Duterte.

Ipinapakita nito ang patakaran ng estado na pag-atake sa mga walang kalaban-laban, inosente at musmos tulad ni MJ. Walang nilabag na batas ang mga Fernandez sa pagkupkop kay MJ subalit sa marahas na kondukta ng mga sundalo animo'y mga kriminal ang pamilya. Malinaw ang intensyon ng 203rd Brigade na magtanim ng teror sa komunidad.

Lansakang nilalabag ng rehimeng US-Duterte at ng mga berdugong aso nito ang mga batas ng gobyernong kanilang kinakatawan kaugnay sa karapatan ng mga bata at ng pamilyang Pilipino. Nilabag nila ang RA 9262 o *Anti-Violence Against Women and Children Act of 2004*. Taliwas din ito sa CARHRIHL, ang kasunduan ng NDFP at GRP na naglalaman ng pangangalaga sa karapatang tao, kabilang ang mga bata. Sinagasaan din nito ang komitment ng GRP na pirmado sa kasunduan ng *Convention on the Rights of the Child ng United Nations* na naging epektibo noong Septyembre 1990.

Laganap ang kultura ng impyunidad at lansakang paglabag ng karapatan sa buong panahon ng paghahari ng rehimeng Duterte at maging ng nauna sa kanyang mga rehimen. Maibibilang din sa paglabag ng karapatan ng mga bata ang walang patumanggang pagpapaputok, *aerial strafing,* ang pambobomba at panganganyon sa mga pamayanan. Bilang pinakabulnerableng sektor, mas malala ang epekto sa mga bata ng impyunidad ng nasa otoridad na mga armadong pwersa ng rehimeng Duterte.

Ano ba ang karapatan ng mga bata? Ang mamamayang wala pang 18 taong gulang ay itinuturing ng batas bilang bata. May pandaigdigang konsensus, sa ilalim ng mga probisyon ng UN na ang mga bata ay bulnerableng sektor ng lipunan kaya may karagdagang garantiya ang lipunan at lalo na ang estado para sa kanilang buhay at kagalingan.

Ang CPP-NPA-NDFP ay seryosong tumatalima sa mga pandaigdigang batas sa karapatan ng mga bata. Mayroon din itong internal na patakaran kaugnay ng proteksyon ng mga bata at paggalang sa kanilang karapatan kahit ngayong nakikidigma pa ito laban sa reaksyunaryong estado ng GRP.

Ang programa ng NDFP ay nilaman ng sarili nitong prinsipyo at patakaran - mula sa Tres-Otso o ang Tatlong Pangunahing Alituntunin ng Disiplina at Walong Bagay na Dapat Tandaan, sa programang pambansa-demokratiko ng NDFP at sa Saligang Alituntunin ng BHB. Mula pa 1988, itinakda ang minimum na 18 taong gulang sa pagsapi sa NPA. Naglabas ang NDFP ng *Declaration and Program of Action for the Rights, Protection and Welfare of Children* noong Abril 2012. Ipinatutupad ng NDFP ang mga batas na ito sa balangkas ng Gabay sa Pagtatayo ng Demokratikong gobyernong Bayan (1972) at sa mga programa ng saligang organisasyong masa at demokratikong pwersang kasapi ng NDFP.

Nagkomit din itong tatalima sa internasyunal na mga batas at kasunduan sa pangangalaga sa mga bata. Pinagtibay ng NDFP noong 1996 ang *Unilateral Declaration of Undertaking to Apply the Geneva Conventions of 1949 and Protocol 1 of 1977* . Tinatanganan nito ang *Article 25 Universal Declaration of Human Rights* sa pagdeklarang ang

mga bata ay dapat tamasahin ang ispesyal na pangangalaga at suporta. Ang mga deklarasyong ito ay naisumite sa *Swiss Federal Council*, ang kaukulang depositaryo ng nasabing pandaigidigang mga dokumento.

Tinutupad din nito ang nilagdaang kasunduan noong 1998 sa GRP na *Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law* (CARHRIHL). Sa kasunduang ito, may komitment ang magkabilang panig na magbibigay ng ispesyal na atensyon sa kababaihan at mga bata para tiyakin ang kanilang pisikal at moral na integridad. Ang mga bata ay hindi pahihintulutang lumahok sa mga hostilidad. (*Part IV, Respect for International Humanitarian Law, Article 10*, CARHRIHL). Dagdag pa, may karapatan ang mga bata at may kapansanan sa proteksyon, pag-aruga, tahanan, laluna laban sa pisikal at mental na pang-aabuso, prostitusyon, droga, sapilitang paggawa, kawalang-tahanan at iba pang anyo ng pang-aapi at pagsasamantala.

Makasaysayan ang CARHRIHL pangunahin dahil, sa kauna-unahang pagkakataon, kinilala ng GRP ang buong saklaw ng mga karapatang-tao na kinabibilangan ng mga karapatang sibil, pampulitika, pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura. Ang CARHRIHL mismo ay umaalinsunod sa internasyunal na katanggap-tanggap na mga pamantayan ng karapatang-tao.

Sa internasyunal na makataong batas, karapatan nila ang tumanggap ng edukasyon, kabilang ang maturuan ng paniniwala sa relihiyon at moral na edukasyon ayon sa kagustuhan ng kanyang magulang o ng tagapangalaga, mapagsama ang mga pamilyang pansamantalang napaghiwalay. Ang mga batang wala pang labinlimang taong gulang ay hindi pinahihintulutang marekluta sa armadong pwersa o lumahok sa hostilidad. Kahit pa direkta silang lumahok sa hostilidad at mahuli ay tatamasahin ang mga proteksyon nauukol sa kanilang katayuan, at kung kinakailangan at sang-ayon sa kanilang magulang o tagapangalaga, alisin pansamantala ang mga bata kung saan nagaganap ang hostilidad tungo sa isang ligtas na lugar sa bansa at matiyak na nasasamahan sila ng responsableng taong magtitiyak ng kanilang kaligtasan at kagalingan.

Sa ilalim ng kasalukuyang sistema, 90% ng mga bata ay nasasalang sa pag-aapi at pagsasamantala kung saan ang mayorya nito ay mga batang mula sa pamilya ng magsasaka, manggagawa at maralitang tagalungsod. Kapos sa pagkain, edukasyon, serbisyong pangkalusugan, bahay at pagkalinga mula sa gobyerno. Biktima sila ng pagsasamantala at pang-aapi ng mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at dayuhang kapitalista. Pinagtatrabaho sila sa napakahirap na kalagayan. Sa panahon ng mga operasyong militar, sila itong dumaranas ng *trauma* at labis na bulnerableng mapagkaitan ng pagkalinga na kailangan sa kanilang katayuan lalo na kapag kinakampuhan ang kanilang mga paaralan at pasilidad sa pamayanan, binomba at pinutukan ang kanilang mga kabahayan at sakahan.

Ang mga paglabag sa karapatan ng mamamayan at ng mga bata ay sapat na batayan upang hangarin ng sambayanan ang hustisya na makakamit lamang sa pamamagitan ng pambansa – demokratikong rebolusyon. Sa diwa ng preserbasyon ng kanilang buhay, walang nilalabag ang mamamayan kung kahit mga bata ay kumilos upang maging ligtas sa karahasang inihahasik ng estadong dapat sana'y magtanggol at magbigay proteksyon sa kanila. Bilang pagdepensa sa kanilang buhay, ang lumaban at magrebolusyon ay makatarungan.

**BALITANG TO**

# Matatagumpay na aksyong militar, tugon ng LDGC-NPA- Mindoro sa sigaw ng mamamayang biktima ng paglabag ng 203rd Brigade sa karapatang-pantao sa isla!



**Sinalubong ng matatagumpay na aksyong militar ng Lucio De Guzman Command (LDGC)-NPA Mindoro ang di-makatarungan at walang tigil na Focused Military Operations (FMO) ng 203rd Brigade, sa taong 2021 sa isla.**

Ang pondo na mas kailangan ng mamamayan sa kalusugan para labanan ang pandemya ay winawaldas ng rehimeng US-Duterte sa walang pakinabang na mga operasyong militar. Ito ay sa kabila ng palalang sitwasyong pangkalusugan hatid ng pandemyang Covid-19 sa bansa at paparaming bilang ng kaso sa Mindoro.

Binigo at patuloy na bibiguin ng buong rebolusyonaryong kilusan sa pangunguna ng LDGC ang mga FMO ng 203rd Brigade. Ang bawat hambalos ng LDGC sa palalong mga yunit ng AFP at PNP-MIMAROPA ay paggawad ng rebolusyonaryong hustisya sa mahabang listahan ng kanilang paglabag sa karapatang-tao at pagwawaldas ng pondo ng bayan. Ang mga aksyong militar ng LDGC ay patunay sa kagustuhan ng mga Mindoreño na parusahan ang mga pasistang tropa.

Enero 9. Matagumpay na inambus ng isang tim ng LDGC-NPA Mindoro ang *helicopter* ng 203rd Brigade na may lulang matataas na opisyal Southern Luzon Command (SOLCOM) sa So. Mantay, Brgy. Monte Claro, San Jose, Occidental Mindoro bandang alas 10:30 ng umaga. Ito ay sa eksaktong panahon ng pagbisita ni Hen. Antonio Parlade Jr. sa nasabing sityo upang humarap sa mga pekeng *surenderees*, pasinayaan ang huwad na proyektong pangkaunlaran at ipangalandakang paubos na ang CPP-NPA sa Mindoro at sa buong bansa. Pinaulanan ng putok ng mga pulang mandirigma ang bagong *Sikorsky S70i Blawk hawk helicopter* habang papalapag ito sakay ang matataas na opisyal ng SOLCOM. Agad itong tumalilis nang ito'y tamaan. Naobligang maglakad pauwi ang gwardiyadong si Parlade kasama ang iba pang matataas na opisyal ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) at Provincial Task Force-ELCAC (PTF-ELCAC) Occidental Mindoro sa pangunguna ni Gobernador Ed Gadiano.

Enero 26. Matagumpay na aktibong depensa ng isang tim ng LDGC laban sa tangkang pag-ambus ng mersenaryong 4th *Infantry Battalion-Philippine Army* (IBPA), alas-10 ng umaga sa Brgy. Happy Valley, Roxas, Oriental Mindoro. Dahil sa taglay na mataas na antas ng alerto, nakaunang pumutok ang tim laban sa kaaway. Malubhang nasugatan ang dalawang kaaway, samantalang ligtas namang nakaatras ang Pulang hukbo.

Naganap ang labanan ilang linggo matapos ang deklarasyon ng berdugong si Hen. Antonio Parlade Jr., hepe ng SOLCOM at NTF-ELCAC na Mindoro ang sentro ng operasyong kontra-insurhensya ng rehimeng US-Duterte ngayong taon. Kaagad nag-atas ang LDGC sa lahat ng mga yunit na maging handa sa anumang magiging atake ng mersenaryong AFP-PNP.

Marso 3. Matagumpay ang operasyong isnayp-haras ng isang tim ng LDGC laban sa FMO ng 4th IBPA, alas-sais ng hapon sa Brgy. Manoot, Rizal, Occidental Mindoro. Halos isang linggo nang nag-ooperasyon ang mga pasistang tropa sa mga barangay ng Monte Claro, Manoot, at Lisap nang ma-isnayp ng tim. Magkakaratig ang bawnderi ng mga barangay ng Monte Claro, San Jose at Manoot, Rizal ng Occidental Mindoro at ng Brgy Lisap, Bongabong ng Oriental. May katugon din itong FMO-RCSP sa Brgy. Panaytayan, Mansalay at Brgy. Hagan, Bongabong pareho sa Oriental Mindoro.

Marso 25. Matagumpay na naisagawa ng isang iskwad ng LDGC-NPA Mindoro ang aktibong pagdepensa laban sa umatakeng kaaway sa So. Kulitob, Brgy. Panaytayan, Mansalay, bandang alas-2 ng hapon. Lima ang patay at tatlo ang sugatan sa pasistang tropa ng 203rd Brigade habang ligtas na nakaatras nang walang pinsala ang pwersa ng NPA.

Marso 28. Matagumpay ang harass-riple ng isang tim ng LDGC sa punong himpilan ng 203rd Brigade sa Brgy. Malu, Bansud, Oriental Mindoro sa distansyang 10 metro. Patay ang isang elemento ng kaaway. Sa sobrang gulantang ng mga pasista ay walang patumanggang nagpaputok ang mga ito. Ligtas namang nakatras ang mga Pulang mandirigma.

Mayo 28. Mula alas-10:30 hanggang 11:45 ng umaga, sa So. Banban, Brgy. Nicolas, Magsaysay, Occidental Mindoro, matagumpay na naisagawa ng isang yunit ng LDGC ang paglipol sa laman ng *back-to-back* na sasakyan ng magkasanib na berdugong pwersa ng PNP-MIMAROPA at 203rd Brigade. Resulta nito, hindi bababa sa 13 na sundalo't pulis ang napinsala kung saan tatlo ang kumpirmadong patay. Anim naman sa 10 sugatan ang malubha.

Ang mga napangalanang pwersa na napinsala ng nasabing ambus ay mula sa *1st Occidental Mindoro Provincial Mobile Force Company* ng PNP-MIMAROPA. Ang tatlong mga napatay ay sina *Police Executive Master Sergeant* Jonathan Alvarez, *Police Corporal* Stan Gongora at *Staff Sergeant* Nolito Develos na binawian ng buhay sa pagamutan. Samantala sugatan naman sina *Staff Sergeant* Dexter Sagun, Edwin Vergara, Michael Sualog, Michael Enero; *Patrolman* Armando Pulido at Danny Soriano; *Corporal* Kim Jason Dimalaluan at Nicolas Estocapio Jr. May dalawa pang sugatan ang hindi napangalanan.

Mula sa mga impormasyong ibinigay ng mga biktimang suklam na suklam na sa pandarahas na ginagawa ng PNP-MIMAROPA at 203rd Brigade, naisagawa ang matagumpay na pag-ambus sa araw ng pagsasakatuparan ng mapanlinang na "Serbisyo Caravan" ng PTF-ELCAC-Mindoro Occidental.

Ang magkasanib na berdugong pwersa ng PNP-MIMAROPA at 203rd Brigade ang target ng isinagawang ambus ng LDGC. Ito ang dahilan kung bakit ang sasakyan lamang ng PNP at *Army* ang pinutukan ng NPA at tiniyak na makalampas muna ang sasakyan ng mga sibilyan, kabilang ang sinasakyan ni Gobernador Ed Gadiano ng Occidental Mindoro.

Ang serye ng aksyong militar ng LDGC ay pagtupad ng kanyang dakilang tungkulin na ipagtanggol ang mga Mindoreño at durugin ang pasista at mersenaryong 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA na siyang gulugod at nagsisilbing berdugo ng pasismo ng reaksyunaryong rehimeng US-Duterte sa Mindoro. Magpupunyagi ang LDGC na mag-ambag ng kanyang bahagi sa kasalukuyang pakikibaka ng sambayanang Pilipino na ibagsak ang rehimeng US-Duterte bilang pangunahing kaaway na nagpapahirap sa bayan.



# Matagumpay na ambus ng LDGC laban sa 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA sa Magsaysay Occidental Mindoro, paggawad ng katarungan sa lahat ng Mindoreñong biktima ng di-makatarungang gyera ng rehimeng US-Duterte



MGA KWENTO NI KA MADAAY GASIC

**Matagumpay na ambus ang tugon ng rebolusyunaryong kilusan upang makamit ang katarungang matagal nang hinihiling ng Mindoreñong naging biktima ng karahasan ng pasistang rehimeng US-Duterte.**

Sa tulong ng mamamayan halos nalipol ang nakasakay na mga elemento ng PNP at 4th IB sa ambus sa So. Banban, Brgy. Nicolas, Magsaysay, Occidental Mindoro noong Mayo 28. Namatay rito ang tatlong pulis mula sa *1st Occidental Mindoro Provincial Mobile Force Company* at 11 pang mga sundalo't pulis ang sugatan.

Kinamumuhian ng Mindoreño ang 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA dahil sa mahabang rekord nito ng paglabag sa karapatan ng mamamayan. Kaya itinakdang pangunahing target sa aksyong militar na ito ng LDGC-NPA-Mindoro ang magkasanib na pwersang ito ng AFP-PNP habang nasa operasyong RCSP o *Retooled Community Support Program*. Ang "Serbisyo Caravan" ng PTF-ELCAC-Mindoro Occidental ay mapanlinlang na bihis ng operasyong RCSP na siyang katawagan sa *Civil Military Operations* ng rehimeng Duterte sa ilalim ng JCP-Kapanatagan at NTF-ELCAC.

AFP-PNP ang haligi ng pasistang paghahari ni Duterte. Sila ang pangunahing instrumento sa pagpatupad ng mararahas na FMO/RCSPO sa buong isla. Sa balangkas ng EO No.70, binuo ang NTF-ELCAC hanggang sa probinsya, munisipyo at mga baranggay upang magamit ng AFP/PNP ang lahat ng rekurso ng gubyerno at pagmukhain na suportado ng buong mamamayan ang" kontra-insurhensyang" programang ito ng rehimen. Sa pagkakabuo ng mga TF-ELCAC higit lamang pinalakas ng rehimeng US-Duterte ang kapangyarihang militar at pulis na nakakubabaw sa mga sibilyan na awtoridad. Kaya kahit walang pormal na deklarasyon ng batas militar, umiiral ang katotohanang ito sa buong bansa.

Sa ganitong kalagayan, mas tumitindi ang paggamit ng dahas at terorismo ng estado gamit ang mersenaryong AFP-PNP na siyang pangunahing tagapagtanggol ng kanilang interes. Tumitindi rin ang impyunidad o kawalang pananagutan ng estado sa mga paglabag nito sa karapatan ng mamamayan. Mula ng ipinatupad ni Duterte ang EO No.70 at JCP-Kapanatagan dito sa Mindoro, tumindi at tumatagal ang mga FMO/RCSPO sa mga baryo at komunidad ng mga magsasaka, katutubo at maralitang mamamayan. Mula 2016 hanggang sa kasalukuyan, naitala ang mahabang listahan ng mga paglabag ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA sa karapatan ng mamamayan. Tampok dito ang ginawang sapilitang pagpapasuko sa buo-buong pamayanan ng mga katutubo't magsasaka. Bago nangyari ang sapilitang pagpapasuko dumanas ng matinding pahirap ang mga katutubo't magsasaka sa kamay ng mga pasistang sundalo at pulis. Kinampuhan muna ang ilan sa mga baryo sa tabing ng RCSPO habang tuluy-tuloy naman ang mga FMO sa iba't-ibang bayan ng Oriental at Occidental Mindoro. Sumailalim ang mga sapilitang pinasukong mga sibilyan sa ilegal na pag-aresto at interogasyon sa loob ng mga kampong militar. Doon, isinasagawa ang pagtortyur gaya ng isinagawa sa isang lider katutubo na sinakluban ang kanyang ulo ng supot, nilagyan ng hantik ang kanyang ari, inipit ng mga bala ang kanyang mga daliri at dahil sa hirap na inabot sa kamay ng mga sundalo ay tatlong beses itong hinimatay. Ang lahat ng sapilitang pinasukong sibilyan na ipinresenta bilang pekeng *surenderees* ay sumailalim sa iligal na interogasyon, intimidasyon, pananakot at panghaharas ng mga sundalo at pulis.

Biktima ang Mindoreño ng malisyosong *red-tagging* at pilit na pinapasuko upang gamitin ang mga ito sa maitim na propaganda ng rehimeng US-Duterte na ubos na ang NPA sa Mindoro. Kapag may mga labanan na nagaganap, mga mamamayan pa rin ang siyang binibiktima. Sa labanan noong Marso 25, dinukot ang dalawang Mangyan-Hanunuo na sina Kadlos at Jeremy "Eming" Lukmay na taga-Sityo Kilapnit, Bo. Panaytayan. Nakasalubong ng nag-ooperasyong sundalo ang magkapatid na papunta sa kanilang kaingin upang magkaong. Nagpakawala ng 11 bala ng *howitzer* ang 203rd Brigade sa mga pamayanan sa hangganan ng Mansalay at Roxas, Oriental Mindoro noong Marso 25-26 kaya napilitang lumikas ang humigit 15,000 populasyon ng dalawang barangay ng Panaytayan at San Vicente.

Ang pambobomba ay naging karaniwan nang reaksyon ng AFP– PNP matapos ang mga labanan sa pagitan nila at ng NPA, subalit mga sibilyan ang nagiging target at apektado. Hindi lamang ito nangyari noong Marso 25-26 kundi sa marami pang insidente sa Socorro, Bongabong, Mansalay, Bulalacao, Sta. Cruz, Sablayan at Rizal sa isla ng Mindoro sa panahon ng rehimeng US-China-Duterte.

Mayo 12 naman ay sapilitang dinukot ang batang si MJ sa

kanyang *legal guardians* na si G. at Gng. Fernandez upang pasukuin ang mga magulang nito. Nakaranas ang pamilyang kumupkop at maging ang bata ng matinding *trauma* dahil tinutukan ng baril ang buong pamilyang magkakasama sa hapag kainan. Muntik pang sagasaan ng sasakyan ng mga sundalo't pulis ang mag-asawa habang nakikipag-agawan sa bata.

Ilegal ding inaresto si Genelyn "Ate Neneng" Avelino isang lider magsasaka at sinampahan ng mga gawa-gawang kaso. Kilalang lider/opisyal ng SAMAKAMI at tagapagtanggol sa karapatan ng mga magsasaka si Ate Neneng sa Mindoro at naging ingat-yaman ng KASAMA-TK.

Gayundin, tinatakot at sapilitang binabraso ang mga *local government unit* (LGU) upang bulag na sumunod at gawing kasangkapan ng NTF-ELCAC. Ang pag-*red-tag* ay malinaw na isang anyo ng pambabraso upang sapilitang magpapagamit sa NTF-ELCAC.

Nanawagan ang LDGC-NPA-Mindoro sa lahat ng mga Mindoreño na magkaisang labanan ang ganitong paghaharing militar at diktadurya ni Duterte. Higit na kailangan suportahan ang armadong pakikibakang inilulunsad ng rebolusyunaryong kilusan upang ganap ng wakasan ang paghahari ng kasalukuyang rehimen.

Gayundin, nanawagan kami sa LGU-Mindoro na huwag magpagamit sa NTF-ELCAC. Imbes na magpagamit, dapat na gawin nito ang buong makakaya upang ipagtanggol ang karapatan at interes ng mamamayang Mindoreño na siyang tunay na dapat nilang paglingkuran.

Higit na kailangan ang pagkakaisa ng buong mamamayan upang ibagsak ang tiraniko at diktador na si Duterte!

**BANTAY KARAPATAN**

# Mamamayan ang pangunahing target at biktima sa deklarasyon ng SOLCOM na Mindoro ang sentro ng kampanya sa "kontra-insurhensya" sa 2021

**Idineklara bilang sentro ng operasyong "kontra-insurhensya" ang Mindoro ngayong taon ng berdugong si Heneral Antonio Parlade Jr., hepe ng Southern Luzon Command (SOLCOM) at tagapagsalita ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).**

Dahil dito, mas malawakan, sustenido at mararahas na *Focused Military Operations-Retooled Community Support Program Operations* (FMO-RCSPO) ang dinadanas at dadanasin ng mga Mindoreño sa ilalim ng programang *Joint Campaign Plan Kapanatagan* (JCP-Kapanatagan) ng rehimeng US-Duterte.

Paglabag sa batayang karapatang-tao ng mamamayan ang hatid ng patakarang ito na masugid namang ginagampanan ng 203rd Brigade. Naitala ang sumusunod na insidente ng paglabag:

Enero 26. Sapilitang pinalikas ang 20 pamilya mula sa mabundok na bahagi ng Brgy. Happy Valley, Roxas, Oriental Mindoro matapos naganap ang labanan sa pagitan ng isang tim ng LDGC at elemento ng 4th IB-PA. Pansamantalang kumanlong ang mga nagsilikas sa sentro ng barangay at sinuportahan naman ng pamahalaang bayan ng Roxas.

Marso 7. Nagpakawala ng dalawang bomba ng *howitzer* ang 203rd Brigade, na pumatak sa hulo ng Ilog Cayacyan, sa saklaw ng Brgy. Monte Claro, San Jose, Occidental Mindoro. Ginawa ang pambobomba nang wala namang naganap na engkwentro sa pagitan ng pwersa ng pamahalaan at ng LDGC-NPA Mindoro. Ipinaliwanag ni Corp. Lerma "Liway" Bulaklak na ang pambobomba ay *testing* lamang ng kanilang kagamitang pandigma. Nabulabog at lumikha ng takot sa mga pamayanan ng katutubong Buhid ang malakas na pagsabog ng bomba.

Marso 25. Dinukot ang dalawang Mangyan-Hanunuo na sina Kadlos at Jeremy "Eming" Lukmay, residente ng So. Kilapnit, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Dinakip sila ng mga sundalo ng 4th IB sa ilalim ng 203rd Brigade noong umaga ng Marso 25, ilang oras bago naganap ang engkwentro sa pagitan ng 4th IB at ng LDGC. Hinarang at hinuli ang magkapatid na noo'y papunta sa kanilang kaingin para magkaong kasama ang isa pang katutubong nagngangalang Adliw.

Pinagsuspetsahan silang dadalo sa diumano'y "kasalan ng mga NPA" dahil sa dalang malaking kaldero at suot na bota ni Eming.

Hawak ng mga sundalo ang tatlong inarestong sibilyan habang naglalabanan ang 4th IB at LDGC. Pinadapa ang tatlo sa kalsada hanggang matapos ang




putukan. Bandang alas-otso ng gabi ay pinakawalan na si Adliw samantalang isinama paalis ng mga sundalo ang magkapatid na Lukmay.

Tumungo ang kapamilya ng dalawang biktima sa kampo sa So. Haguines, Brgy. Wasig, Mansalay makalipas ang ilang araw. Wala silang napala dahil hindi inamin ng mga sundalo kung nasaan ang magkapatid.

Hanggang ngayo'y hinahanap pa ng mga kamag-anak ang dalawa.

Kilala si Kadlos na titser ng *daycare center* sa So. Kolitob. Pumapasok naman si Eming bilang *senior high school student* sa Fe del Mundo *National High School*.

Marso 25-26. Binomba ng 203rd IBde, PA sa utos ng kanilang pinuno na si Col. Augusto Villareal ang mga pamayanan at sakahan ng katutubo't magsasaka mula hapon ng Marso 25 hanggang Marso 26 sa may hangganan ng Mansalay at Roxas, Oriental Mindoro. Nagpasabog ang mga ito ng 11 bala ng *howitzer*. Dahil dito, lumikas ang libu-libong residente sa mahigit 15 sityo ng dalawang bayan, laluna ang mga nakatira sa Brgy. Panaytayan at San Vicente. Apektado ang tinatayang



higit 15,000 populasyon ng dalawang baranggay.

Kasabay ng panganganyon ang panghahalihaw ng 200 sundalo't pulis ng 4th IB at *Regional Mobile Force Battalion* (RMFB)-MIMAROPA sa mga nasabing barangay. Sapilitan ding ipinatawag at dinetine sa *elementary school* ang mga residenteng Mangyan ng So. Boluntad at Tagascan ng Brgy. San Vicente. Ginutom sila't pinagbawalan na pumunta sa kanilang mga kaingin.

Isinagawa ang pangangayon at panghahalihaw matapos ang engkwentro sa pagitan ng 203rd Brigade at isang yunit ng LDGC noong Marso 25 kung saan nagtamo ang una ng walong kaswalti. Lima ang nasawi habang tatlo ang sugatan sa hanay ng kaaway.

Ibayong takot at pangamba ang hatid ng panibagong serye ng pambobomba sa mga pamayanan ng katutubo't magsasaka. Dagdag itong banta sa kanilang buhay na nanganganib dahil sa panibagong pagsikad ng bagong *variant* ng COVID-19 sa Mindoro at sa bansa. Inaaksaya lamang ng rehimeng US-Duterte ang pondo ng bayan para tugunan ang kanyang "kontra-insurhensyang" programa at ipambusog sa kanyang mga heneral.

Nito lamang Mayo 12, marahas na dinukot ng mga pwersa ng 203rd Brigade ang apat na taong gulang na si MJ sa So. Ambuyan, Brgy. Pitogo, Rizal, Occidental Mindoro sa bahay ng pamilyang Fernandez na nagsilbing *legal guardians* nito. Lulan ng isang SUV na *pick-up truck*, ginalugad ng humigit-kumulang 10 tropa ng 203rd Brigade at 4th IB na nasa direktang kumand ng SOLCOM ang mga bahayan sa So. Ambuyan sa Brgy. Pitogo at pinapatay ang mga ilaw dito, bago nila salakayin ang bahay na kinaroroonan ng batang si MJ. Nagpanggap ang mga pasista bilang NPA at tinakot ang taumbaryo.

Pwersahan nilang pinasok ang bahay habang naghahapunan ang mag-asawang nagsilbing *legal guardians* kay MJ na sina G. at Gng. Fernandez kasalo ang kanilang apat na anak na pulos menor-de-edad. Tinutukan sila ng baril, pinagbantaan ang buhay saka sapilitang kinuha si MJ habang walang tigil ang pagtangis ng bata.

Ayon sa mga saksi, nakipag-agawan ang mag-asawang Fernandez sa mga sundalo upang bawiin si MJ. Halos sagasaan ng mga pasista ang mag-asawa hanggang sa maitaboy sila at humarurot na ang sasakyan palayo sa pinangyarihan.

Dinukot ang batang si MJ para gipitin at pasukuin ang mga magulang nito.

Ilang siklo na ng FMO at RCSP ang naranasan ng mamamayan sa dugtungan ng mga barangay ng Monte Claro, Manoot, Lisap at Hagan, mga barangay na idineklarang pambansang prayoridad ng NTF-ELCAC. May katugon din itong FMO-RCSP sa Brgy. Panaytayan, Mansalay. Hanggang ikalawang linggo ng Abril, sinaklaw na din ng operasyon ang kapatagan ng bayan ng Rizal, Calintaan at Sablayan ng Occidental.

Ginagamit lamang na dahilan na "pugad" ng insurhensya ang mga lugar na nabanggit upang tabingan ang mga proyektong mina ng *natural gas, lime*, itatayong dam at ang pagpapalawak ng *Tamaraw Reservation* na bahagi ng programa sa eko-turismo kung saan nakaambang palayasin ang mga magsasaka, katutubo at ilang pastuhan.

*mula sa bantay karapatan p.6*

magsasaka sa Occidental Mindoro noong 2019 para tutulan ang *Rice Liberalization Law* na nagpabagsak ng husto sa presyo ng palay at naggiit ng panawagan na itaas sa P25 bawat kilo ang presyo nito.

Ang di-makatarungang pag-aresto kay Ate Neng ay maidadagdag sa dumaraming krimen ng rehimeng Duterte laban sa masang Pilipino. Pinakikitid at pilit na isinasara ng tiranikong rehimen ang burges na demokratikong espasyo. Itinutulak nito ang mamamayan na kumilos sa labas ng hangganang ligal para sa pagbabago at makatarungang solusyon sa kanilang dustang kalagayan. Itinuturo nito ang paghawak ng armas, pagsapi sa NPA at pagsusulong ng armadong pakikibaka bilang tanging paraan para makamit ang katarungan, lupa, kalayaan at tunay na demokrasya.

BALITA

# Paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihan, nagpatibay ng paninindigan laban sa macho-pasistang rehimeng Duterte

**Ginunita ng isang yunit ng LDGC ang Pandaigdigang Araw ng mga Kababaihan noong Marso 8 sa pamamagitan ng isang kapehan habang nasa piling ng masa.**

Sa temang "Kababaihan, labanan ang macho-pasistang si Duterte, lumahok sa digmang bayan" nagsilbing porum ang okasyon upang makita ang epekto sa kababaihan ng militaristang pagharap ng rehimeng Duterte sa pandemyang COVID-19, ang mga programa at proyekto ng rehimeng Duterte na dagdag na pasanin at pahirap sa mga kababaihan at pamilyang Pilipino.


Malaki ang respeto ng rebolusyonaryong kilusan sa mga kababaihan. Kasama sa Tatlong (3) Pangunahing Alituntunin ng Disiplina at Walong (8) Bagay na Dapat Tandaan o mas kilala bilang Tres-Otso ng BHB ang Punto Syete (7) na Huwag magsamantala sa mga babae.

Binuksan ang programa sa pag-awit ng Martsa ng Kababaihan. Nagbahagi si Ka Elen, isang opisyal sa pulitika ng yunit ng kanyang karanasan sa loob ng kilusan. Ani Ka Elen, "Dito sa Hukbo, dama ko ang pagpapahalaga sa mga kababaihan. Pantay dito ang pagtrato sa kababaihan at kalalakihan. Dito ko nakita ang mga babae na lumalahok at gumagampan ng iba't ibang tungkulin sa Hukbo. Pwede kang maging guro, medikal, komander o opisyal sa pulitika. Bukas ang mga oportunidad para sa iyong pag-unlad, di tulad sa burges na lipunan na ang oportunidad ay bukas lamang sa matataas ang uri."

Nagbahagi din ang kababaihan sa lokalidad ng kanilang sitwasyon sa kasalukuyang panahon na may pandemya. Isang ina ng tahanan ang nagbahagi ng kanyang karanasan. Aniya, "Talagang walang makain at kailangan gumawa ng paraan. Hindi sapat ang kita mula sa aming bukid at ang magdala ng kalakal sa bayan na dati ko nang ginagawa bago pa ang pandemya ay hindi ko na magawa ngayon. Sariling produkto sa bukid ang inilalako ko sa bayan dahil mas maganda ang presyo doon. Ngayon kailangan may *permit* para makapasok sa palengke. Nakaharang ang mga tangke de gyera papasok sa bayan at naroon ang mga sundalo't pulis na naghahanap ng *passes*. Paano kami makakapagbenta ng aming produkto kung ganyan? Kaya ang paglalako ko ng mga gulay ay sa malalapit na bahayan na lamang. Mula nang nabuo sa samahan ang mga kababaihan sa aming lugar, nagtulung-tulong kami sa pagtatanim. Kailangan talagang may samahan ang kababaihan para sa pagdadamayan sa panahon ngayon. Walang ibang magtutulungan kundi tayo din na mahihirap."

Nagkaisa ang lahat na mas tumindi ang krisis ngayon at lalong malaking hamon ito sa mga kababaihang magsasaka at manggagawa para mag-organisa, kumilos at paunlarin ang kaalaman at kamulatan. Dapat pag-aralan ang kalagayan ng lipunan at suriin ang mga patakaran, programa at proyekto ng rehimen. Kabilang sa pinasadahan sa kapehan ang epekto ng *Rice Tariffication Law*, ang EO70 at ang pagiging prayoridad sa "kontra-insurhensya" ng Mindoro sa taong ito. Inilinaw din na kailangang isulong ang rebolusyong agraryo ng kababaihan dahil bahagi ang kababaihan sa kanayunan ng kilusang magsasaka.

Matapos ng bahaginan ay nag-ambag ng kulturang pagtatanghal ang mga pulang mandirigma at bilang pagtatapos ng programa nanawagan ang mga kasama na bukas ang rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng kababaihang nais sumampa sa Bagong Hukbong Bayan, basta't 18 anyos pataas, may malusog na pangangatawan at pag-iisip. Walang ibang makakapagpalaya sa pagsasamantala sa kababaihan kundi ang paglahok nito sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan laluna ang aktwal na pagsampa sa BHB at pagsusulong ng armadong pakikibaka.



BALITA

# Masang Mindoreño at LDGC, ipinagbunyi ang 52 taon ng BHB!

Isinagawa ang mga serye ng pulong masa, pulong anibersaryo sa mga baryo sa isla ng Mindoro upang ipagdiwang ang ika-52 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan sa kabila ng pagdeklara ni Parlade na nasa pangunahing pokus ng mga FMO/RCSP ng SOLCOM ang Mindoro.

Bagaman ganito ang sitwasyon, napagpunyagiang mapagtagumpayan ng Komite ng Partido sa isla, LDGC at masang Mindoreño ang pagdiriwang ng anibersaryo ng Hukbo. Pinagpugayan ng Komite ng Partido sa isla ang mga opisyal at pulang mandirigma ng LDGC at ang mga masang walang sawang sumusuporta sa kilusan ay walang pagiimbot na nag-ambag ng kanilang makakaya at sumuong sa mas matitinding sakripisyo upang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan sa isla. Pinarangalan din ang mga martir ng rebolusyon.

Ang mga yunit ng LDGC sa kada bahayan, baryo at komunidad ay naglunsad ng mga simpleng pulong anibersaryo upang talakayin ang mga nakamit na tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan nitong nakaraang taon. Gayundin ang mga panibagong tungkulin ng Hukbo at masa sa ngayong taon.

Hindi naging madali ang sitwasyon ng mga yunit dahil mas naging brutal at malawakan ang atake ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA sa isla. Enero pa lamang nang magbanta si Parlade ay nanawagan na ang rebolusyonaryong kilusan ng isla sa mga Mindoreño na higit na magkaisa upang harapin ang panibagong banta ng terorismo ng estado. Nagawa nating makaiwas sa mga di-pinaghandaang mga labanan at nakapagsagawa tayo ng mga aksyong militar at aktibong pagdepensa laban sa mga umaatakeng AFP/PNP. Ito na rin ang isinagawang mga aktibidad ng mga yunit bilang pagsalubong sa ika-52 anibersaryo ng BHB.

Ang BHB ay patuloy na magtatanggol sa kanyang mamamayan at magsisikap para labanan at biguin ang banta ng terorismo ng estado. Magsisikap itong tugunan ang kahilingan ng mamamayan na parusahan ang lahat ng mga may utang na dugo at sagka sa kagalingan ng mamamayan. Nanawagan din ang LDGC sa lahat ng mga Mindoreño sa kanayunan at kalunsaran na mag-ambag at sumapi sa BHB. Bukas ang LDGC sa lahat ng mga nagnanais na mag-ambag ng kanilang sarili, lakas at talino para sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan. Higit na kailangan ng sambayanang Pilipino ang mga pinakmabubuting anak ng bayan.






**Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.**

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

*Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph*